# Enter Prompt: *Ma, sorry po!*

Hindi na bago sa amin ng aking ina ang bangayan. Sigawan sa silid, matalim na tinginan sa sala, at ilang linggong hindi pag-uusap. Minsan, para kaming dalawang estrangherong naninirahan sa iisang bubong. At ang pinakamasakit? Palaging ako ang inaasahang magpakumbaba. Ako ang laging dapat humingi ng tawad.

Minsan naiisip ko, *bakit ako lagi?* Bakit ako ang kailangang maunang humingi ng paumanhin, kahit hindi naman ako ang may kasalanan? Hindi lang ito simpleng tampuhan. Sobra-sobra na. At sa tuwing sinusubukan kong ilabas ang aking nararamdaman, lalo lamang kaming hindi nagkakaintindihan.

Hanggang dumating ang puntong tuluyan na akong napagod. Nawalan na ako ng lakas upang magsalita, ni maibulalas ang sariling saloobin ay hindi ko na rin magawa. Kahit ang impit na iyak na sana'y makapagpapagaan ng aking damdamin kahit kaunti ay hindi na rin makawala. Umabot na sa sukdulan ang sakit na aking nararamdaman. Tila ang tanging paraan ko na lamang upang iparinig ang mga diyalogong "*Ako rin, nasasaktan!*" ay sa pamamagitan ng aking katahimikan.

Sa sobrang pagod at hinanakit, mas pinili ko na lamang lumayo. Hindi lamang pisikal, ngunit pati emosyonal. Itinaas ko na ang aking pader at hindi na muling humingi pa ng kapatawaran.

Hanggang isang gabi, habang nagpapatiyanod ang aking mga daliri sa TikTok upang kahit papaano ay maibsan ang sakit na nadarama, may napanood akong bidyo. Ito ay isang simpleng biro: "*I-reveal ko na lahat, 'wag lang AI history ko.*" Nakakatawa sa

unang tingin, ngunit may isang komento ang pumukaw ng aking pansin na hinding-hindi ko malilimutan: *"As an introvert, kahit simpleng convo, ginagamitan ko na rin ng AI hahaha."*

Natigilan ako. Doon nagsimulang kumislot ang isang ideya sa aking isipan. *Posible pala 'yon?* Gumamit ng artipisyal na intelihensiya upang masambit ang mga salitang hindi mabigkas para maipahayag ang damdaming pilit na ikinukubli?

Hindi ko alam kung desperado na ba talaga ako o sadyang napagod na lamang ako sa araw-araw na bangayan namin ng aking ina. Gusto ko na lamang matapos ang lahat kaya't sinubukan ko. Nagpatulong ako sa AI na bumuo ng isang mensaheng naglalaman ng paghingi ng kapatawaran para kay Mama.

Sa rami ng sama ng loob at tampo na ayokong sabihin nang direkta, nagpadikta ako sa AI. Hindi ko na lubos maisip kung ano ang dapat sabihin kaya't hinayaan ko ang AI na magsalita para sa akin. Nagtipa ako sa aking teklado: *"Gawan mo ako ng apology message para kay Mama after ng away namin. Make it sincere and calm."* Sa isang pindot ko lamang ng *enter*, lumabas ang mensahe. Kasunod nito ang tila bulong ng isang kaibigang matagal ko nang pinananabikan: *"Let me know if you want it to be more dramatic, more emotional, or more heartfelt."* Parang may kumurot sa aking puso. Sa ilang beses kong pagtago ng sariling mga kagustuhan, ngayon lang muling may nagtanong kung ano nga ba talaga ang gusto ko—at masakit isipin na hindi ito tao, kundi isang AI.

Sobrang hiwaga ng pagkakasulat sa mensahe. Alam ko sa sarili ko na hindi ako iyon, ngunit sa sandaling ito, parang gusto ko na lamang maging siya at ipagpalit ang aking pagkakakilanlan sa AI.

Ipinadala ko ang mensaheng iyon kay Mama. Wala akong inaasahan. Pero pagkaraan ng ilang oras, pumasok siya sa aking kwarto habang ang mga bilugang mata'y mamasa-masa na dahil sa mga luha na pilit na naguunahang umagos. Umupo siya sa tabi ko at marahang niyugyog ang aking kumot. *"Nak, sorry rin,"* ani niya. "*Naisip ko na may mali rin ako... dahil sa message mo."*

Gusto kong matuwa, ngunit gusto ko ring maiyak. Lubos akong nalilito kung ano ang dapat kong maramdaman. Hindi ko alam kung ikagagalak ko ba ito dahil nagkaayos kami, o madudurog ako dahil hindi niya alam na hindi talaga sa akin galing ang mensaheng iyon, kundi sa AI.  Nasusuka ako sa aking sarili—narurumihan dahil sa isiping nagawa kong paglaruan ang nararamdaman ng aking ina. Sa isang banda, nakuha ko ang inaasam kong pag-unawa, ngunit sa kabila noon ay parang niloko ko ang aking sariling ina. Ginamit ko ang emosyon niya upang tapusin ang gulo, ngunit hindi ko man lang nagawang magpakatotoo.

Gabi-gabi, sumasagi sa aking isipan: "*Paano kung ang mga luha ni Mama ay hindi pala para sa akin, kundi para sa mga salitang hindi naman talaga nagmula sa akin?*"

Masaya ba ako? Hindi ko mawari. Dahil kahit natapos ang aming alitan, hindi pa rin maitatanggi na hindi ako ang totoong dahilan nito. Hindi ko kinayang sabihin ang salitang *patawad* gamit ang sarili kong boses kaya't ipinagawa ko sa isang AI na walang emosyon, walang alaala, at walang sakit na nararamdaman.

Tila ako'y isang teleponong selular na wala nang baterya. Nakatigil, walang patutunguhan, at walang liwanag na naidadala. Wala na akong natitirang enerhiya para

ipaglaban ang sarili kong tinig. Pagod na akong palaging ako ang yumuyuko. Pagod na akong piliting makiusap sa tahanang pilit akong hindi pinakikinggan.

At sa tuwing magkakaroon kami ng away, paulit-ulit ang siklo: ako na naman ang hihingi ng kapatawaran—hindi gamit ang puso, kundi gamit ang AI. Ginagawa ko ito hindi dahil gusto kong humingi ng tawad, kundi dahil ayokong ako na naman ang magmukhang masama kapag hindi ako ang unang kumilos.

Katawa-tawa sa kabalintunaan kung paanong gumamit ako ng AI para mapalapit sa aking ina, ngunit mas lalo pa akong napalayo sa kaniya.

Lumipas na ang ilang taon, ngunit hindi ko pa rin alam kung karapat-dapat ba ang aking ginawa dahil kung hindi ko naisipan iyon ay hindi na kami muling magkaka-ayos pa. Subalit isang bagay ang malinaw: ang teknolohiya ay minsang nagiging tulay sa pagitan ng mga pusong hindi magkaintindihan. Ngunit sa parehong paraan, maaari rin nitong mas lalong paglayuin ang mga taong dati namang malapit sa isa't isa.

Habang nagluluto si Mama, may ipinakita ako sa kaniya na isang bidyo sa *Facebook Reels*—isang asong sumasayaw na parang tao. *"Ma, ang galing ng aso, 'no?"* sabi ko. *"Sus, AI lang 'yan,"* sagot niya. Natigilan ako. Hindi ko inakalang alam niya ang tungkol sa AI. Biglang bumalik sa alaala ko ang panahong ginamit ko ang AI para makipag-ayos sa kanya. *"Kala mo ba boomer ako?"*pabirong dagdag pa niya.

*"Ma, paano kung gawa pala ng AI yung mga LSM (long sweet messages) ko sayo dati?"* Natawa siya at sinabing, *"Hahaha, edi…wow? Wala namang mabubuong message kung wala ikaw na nag-prompt. Ibig sabihin, galing pa rin sa'yo 'yun."*

Doon ko napagtanto: ang AI ay nabuo dahil sa tao. Walang AI kung wala ang tao. Kaya't kahit anong galing ng teknolohiya, mananatili itong hungkag kung wala ang pusong gumagabay dito. Oo, higit na mas matalino ang AI kaysa sa akin. Ngunit hindi nito kailanman mapapalitan ang tunay na tinig ng isang batang handang magsalita, magkamali, at matuto. Hindi masama ang paggamit ng AI, basta't ginagamit ito bilang gabay, hindi bilang kapalit ng sarili nating pag-iisip at pananalita, kung saan nananatili pa rin ang pananagutan at paninindigan na mahanap ang sariling mga boses.

Hindi maikakailang bahagi na ng ating pang-araw-araw na buhay ang AI. Sa pag-aaral, sa pagsusuri, sa komunikasyon, nariyan ito at nakaantabay. Ang AI ay maaaring magsilbing tagapaghatid ng bagong kaalaman, kung tayo mismo ang may hawak at kokontrol ng manibela.

Sa bawat paggamit, itanong natin: *Ako ba ang gumagamit o ako na ang ginagamit?* Ito ba'y nagpapadali lamang o unti-unti na nitong pinipiga at tinutuyo ang ating kakayahang mag-isip at magdesisyon para sa ating sarili?

Hindi kailangang takasan ang mabilis na pag-usbong ng teknolohiya. Kailangan lamang natin itong kilalanin at unawain. Sapagkat sa huli, hindi ang AI ang huhubog sa sangkatauhan, kundi tayo pa rin. Tayo ang pipili kung gagamitin ito bilang tulay o bilang tali sa ating kamalayan.

Ngayon, mas tahimik na ang aming tahanan dahil maayos na ang lahat. Ngunit sana, balang araw, ako naman ulit. Ako mismo ang maririnig. Hindi ang boses ng AI, kundi ang boses ng isang anak. Kahit garalgal. Kahit impit at pumipiyok. Basta't galing sa akin. Hindi hiram, at higit sa lahat ay hindi artipisyal.